

DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

1600 NINTH STREET, Room 320, MS 3-9
SACRAMENTO, CA 95814
TTY (916) 654-2054 (Para sa may Kapansanan sa Pandinig)
(916) 654-1954



Disyembre 21, 2018

SA: MGA DIREKTOR NA TAGAPAGPAGANAP NG SENTRONG PANREHIYON

PAKSA: MGA SERBISYONG PAMAMAHALA NG PANANALAPI

Makakuha ng suporta ang mga kasali sa Programang Kalayaang Magpasya (Self-Determination Program o SDP) mula sa isang tao o negosyo upang tulungan silang mabayaran ang mga serbisyong kailangan nila. Tinatawag ang tao o negosyong ito na provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi. Layunin ng sulat na ito na ipaliwanag ang mga tungkulin at kinakailangan sa isang provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi sa SDP.

Ano ang isang provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi?

May mahalagang tungkulin ang provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services), o FMS, sa pagsuporta sa mga tao na piniling kumuha ng kanilang mga serbisyo ng sentrong panrehiyon sa pamamagitan ng SDP. Dapat gumamit ng isang provider ng FMS ang lahat ng nasa SDP upang tumulong na:

- pamahalaan ang indibidwal na budget at mabayaran ang mga serbisyo, kabilang ang
- pagbabayad sa mga empleyado;
- tumulong sa pag-hire ng mga empleyado;
- siguraduhin na kuwalipikado ang mga provider upang maghatid ng mga serbisyo; at, tumulong sa mga provider na kumuha ng pagsusuri ng karanasan sa krimen, kung kinakailangan.

Nakadepende ang mga eksaktong tungkulin ng FMS sa kung paano pinipili ng kasali na asikasuhin ang kanilang mga serbisyo. Tingna ang "Mga Uri ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi" sa ibaba para sa karagdagang detalye.

Bakit kinakailangan ang isang FMS?

Hinihingi ng batas ng Estado [Welfare & Institutions Code §4685.8(d)(3)(E)] na gumamit ang mga kasali sa SDP ng isang FMS. Nagbibigay ng suporta ang isang FMS sa maraming paraan kabilang, ngunit hindi limitado sa, pagbabayad sa mga provider ng serbisyo, pagtiyak na kuwalipikado ang mga provider, pagtiyak na sinusunod ang lahat ng batas sa paggawa at buwis na may kaugnayan sa employer at pag-uulat sa kasali at sa sentrong panrehiyon upang tumulong na ipaalam ang budget. Hindi kinokontrol ng FMS ang budget; sinusuportahan ng FMS ang mga kasali sa pagbabayad ng mga serbisyong kanilang pinili.

“Bumubuo ng mga Pakikipagtulungan, Sumusuporta sa mga Pagpipilian”

Mga Uri ng FMS

Depende sa kung paano aasikasuhin ng isang kasali ang mga serbisyo, maaaring gamitin ang mahigit sa isa sa mga modelong nasa ibaba. Halimbawa, maaaring kailangang bumili ng isang kasali ng device na tumutulong sa kanilang mag-usap. Maaari ding kailangan nilang umupa ng isang katulong upang tumulong na suportahan sila sa kanilang trabaho. Sa halimbawang ito, ipoproseso ng FMS ang kabayaran para sa device na pangkomunikasyon bilang isang “Tagabayad ng Bayarin” habang tinutulungan din ang kasali sa kanilang tungkuling bilang alinman sa nag-iisa o kasamang employer para sa katulong sa trabaho.

- **FMS bilang Tagabayad ng Bayarin:** (kilala rin bilang ang modelo na Fiscal Agent)
Maaaring piliin ng isang kasali ang modelong ito ng provider ng FMS kapag binili ang mga produkto o serbisyo mula sa isang negosyo. Gumagawa ng tseke ang FMS na nagbibigay ng mga serbisyo sa kapasidad na ito at binabayaran ang mga produkto at serbisyong nakalista sa IPP. Walang namamagitanang kaugnayan na employer/empleyado sa pagitan ng FMS, ng provider ng serbisyo, o ng kasali. Responsable ang negosyo na magbigay ng mga item o manggagawa at gagawa ang provider ng FMS ng tseke para sa mga produkto o serbisyo na ibinigay. Pinananatili ng negosyo ang kaugnayan na employer/empleyado sa sinumang manggagawa at samakatuwid ay responsable sa lahat ng umiiral na batas at buwis sa pagtatrabaho at na kumuha ng mga angkop na insurance (ibig sabihin, kompensasyon ng manggagawa).
- **Kasali at FMS bilang Kasamang Employer:**
Maaaring piliin ng isang kasali ang modelong ito kung gusto niyang magbahagi ng ilang tungkulin at responsibilidad ng employer sa isang FMS. Habang ang provider ng FMS sa modelong ito ay ang nakatalang employer, pinananatili ng kasali ang kakayahang umupa at magtanggali ng mga empleyado na may input mula sa provider ng FMS. Pinananatili ng provider ng FMS ang pangunahing pananagutan ng employer at mga kinakailangang insurance. Tumutulong din ang FMS sa pamamagitan ng pagpapatunay ng mga kuwalipikasyon ng provider at pagpoproseso ng payroll.
- **Kasali bilang Nag-iisang Employer:** (kilala rin bilang Fiscal/Employer Agent)
Maaaring piliin ng kasali ang modelong ito kung gusto niyang maging direktang employer ng mga nagbibigay ng serbisyo. Tumutulong sa kasali ang FMS na nagbibigay ng mga serbisyo sa modelong ito na sumunod sa lahat ng umiiral na batas sa pagtatrabaho, pagpapatunay ng mga kuwalipikasyon ng provider at pagpoproseso ng payroll. Kinakailangang kumuha ang kasali ng anumang kailangang insurance na may kaugnayan sa pagtatrabaho (ibig sabihin, kompensasyon ng manggagawa).

Mga Direktor na Tagapagpaganap ng Sentrong Panrehiyon
Disyembre 21, 2018
Pahina tatlo

Pagpili ng isang Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi

Kailangang inilalako ng isang sentrong panrehiyon ang lahat ng provider ng FMS (tingnan ang kalakip para sa mga kinakailangan sa provider ng FMS.) Tutukuyin ng sentrong panrehiyon ang mga magagamit na provider ng FMS sa kanilang lugar. Pinagkakasunduan ang halaga ng mga serbisyo ng FMS sa pagitan ng kasali at ng provider ng FMS, ngunit hindi maaaring lumampas sa maximum na halaga na naka-post sa website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad sa: <https://www.dds.ca.gov/SDP/docs/FMSRates.pdf>. Binabayaran ang mga gastos para sa mga serbisyong ito mula sa indibidwal na budget ng kasali; gayunman, hindi mapatataas ang indibidwal na budget upang saklawin ang halaga ng FMS.

Kung may anumang tanong tungkol sa impormasyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni:

JIM KNIGHT

Katulong na Kinatawang Direktor Sangay ng mga Serbisyo sa Komunidad

Kalakip

cc: Mga Tagapangasiwa ng Sentrong Panrehiyon
Mga Punong Tagapayo ng Sentrong Panrehiyon
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Sentrong Panrehiyon
Samahan ng mga Ahensya ng Sentrong Panrehiyon
Sanggunian ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad

Kalakip

Mga Kinakailangan sa Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi

Upang makapagbigay ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (FMS), ang provider ng FMS ay dapat:

1. Maging inilalako ng isang sentrong panrehiyon alinsunod sa mga proseso at kinakailangan ng pangkalahatang paglalako. Hindi kailangan ang hiwalay na paglalako sa catchment area ng bawat sentrong panrehiyon para sa mga provider ng FMS. Gayunman, kapag nagbibigay ng serbisyo ang FMS sa isang catchment area bukod sa naglalakong sentrong panrehiyon, dapat magsumite ang provider ng FMS sa gumagamit na sentrong panrehiyon ng mga kopya ng mga dokumento ng paglalako na inaprubahan ng naglalakong sentrong panrehiyon.
2. Matugunan ang mga angkop na kinakailangan sa mga Seksyon 58884, 58886, at 58887 ng Titulo 17 ng California Code of Regulations (tingnan sa ibaba).
3. Magsampa ng bono sa naglalakong sentrong panrehiyon, na inilabas ng isang kompanya ng surety sa Estado ng California bilang prinsipal, sa halaga na hindi bababa sa 20 porsiyento ng kabuuan ng lahat ng indibidwal na budget para sa mga kasali na pinaglilingkuran ng FMS. Dapat repasuhin ang bono at/o i-renew taun-taon o mas madalas kung kinakailangan upang matiyak na napananatili ang minimum threshold. Naaangkop lang ang kinakailangan na ito kung ang kabuuan ng lahat ng indibidwal na budget para sa mga kasali na pinaglilingkuran ng FMS sa panahon ng piskal na taon ng estado ay inaasahang maging limang daang libong dolyar (\$500,000) o higit pa.
4. Mag-invoice at tumanggap ng mga bayad mula sa mga sentrong panrehiyon na hindi tataas sa dalawang beses kada buwan, sa mga petsang regular na nakaiskedyul bawat buwan.
5. Bumili/magsumite ng mga invoice para lang sa mga serbisyong iyon at mga suportang natukoy sa plano ng indibidwal na programa ng kasali at indibidwal na budget.
6. Magbigay ng mga buwanang pahayag sa kasali at sentrong panrehiyon na kabilang:
 - a. Ang halaga ng mga pondong inilaan ayon sa kategorya ng budget;
 - b. Ang halagang ginastos sa nakaraang 30 araw; at,
 - c. Ang halaga ng mga pondo na nalalabi sa indibidwal na budget.
7. Kapag naaangkop, tumutulong sa pagpapatunay na natutugunan ng mga provider ng serbisyo ang mga kinakailangan (hal., lisensya, sertipikasyon, edukasyon, karanasan) para sa mga serbisyong ibibigay nila.
8. Patunayan ang mga indibidwal na nagbibigay ng direktang personal na pangangalaga sa kasali, kumuha ng pagsusuri sa karanasan at tumanggap ng clearance bago magbigay ng mga serbisyo.
9. Patunayan na hindi "Mga Nakabukod na Indibidwal" ang mga provider, tinutukoy na mga taong inilagay alinman sa Listahan ng mga Nakabukod na Indibidwal/Entidad ng Opisina ng mga Inspektor Heneral (OIG) ng Kagawaran ng Kalusugan at mga Serbisyong Pantao (Department of Health and Human Services Office) ng U.S. o ang Kagawaran ng mga Serbisyong Pangangalaga sa Kalusugan (Department of Health Care Services o DHCS) Suspendido ng Medi-Cal at Hindi Karapat-dapat na Provider na Listahan ng mga tao, o indibidwal at entidad na nahatulan ng pagkakasalang kriminal na may kaugnayan sa pagkasangkot sa anumang programa sa ilalim ng Medicare, Medicaid o ang Titulo XX programa ng mga serbisyo, o natutugunan ang mga pamantayang kasama sa Titulo 17, Seksyon 54311(a)(6).
10. Patunayan ang pagtatapos ng proseso ng pagtatasa upang matiyak na ibinibigay ang mga serbisyo sa mga kapaligiran na tumutugon sa mga kinakailangan sa kapaligiran ng Mga Serbisyo na Nakabase sa Bahay at Komunidad (Home and Community-Based Services). Naaangkop ito sa mga serbisyong ibinibigay sa mga kapaligiran:
 - a. Na pangunahin o eksklusibong nakadiseno para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad, o
 - b. Kung saan ginugrupo o ikinaklaster ang mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad para sa layunin ng pagbibigay ng mga serbisyo.

Kalakip

Mga Kinakailangan sa Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (ipinagpapatuloy)

11. Sumunod sa lahat ng kinakailangan sa maglalako na nakabalangkas sa Seksyon 54327 ng Titulo 17, kabilang ang pag-uulat sa sentrong panrehiyon ng anumang espesyal na insidente, ayon sa tinukoy sa seksyong ito na alam ng FMS o na iniulat sa FMS ng kasali, provider ng serbisyo, o ibang tao.
12. Sumang-ayon na tumanggap ng buwanang presyo para sa bawat kasali na hindi lalampas sa iskedyul ng presyo na inilathala sa website ng Kagawaran sa: <https://www.dds.ca.gov/SDP/docs/FMSRates.pdf>.

Titulo 17, Kodigo ng Regulasyon ng California na Angkop sa mga Provider ng Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi sa Programang Kalayaang Magpasya

§58884. Mga Kahulugan

- (2) Nangangahulugan ang Kasamang Employer na adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na namamahala sa mga empleyado na nagbibigay ng tinukoy na mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali at na nakikipagtulungan sa Kasamang Employer ng Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi. Gumagawa ng mga rekomendasyon ang Kasamang Employer sa Kasamang Employer ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi tungkol sa kung sino ang uupahan upang magsagawa ng tinukoy na Serbisyong Idinidirekta ng Kasali.
- (3) Nangangahulugan ang Employer na adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na umuupa at isinasali ang isang empleyado o kumukuha ng isang entidad upang magsagawa ng tinutukoy na Serbisyong Idinidirekta ng Kasali.
- (4) Nangangahulugan ang Kasamang Employer ng Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (Kasamang Employer ng FMS) na isang inilalakong entidad na gumaganap kasama ang Kasamang Employer upang umupa ng isang empleyado alinsunod sa rekomendasyon ng Kasamang Employer at binabayaran ang empleyado upang magsagawa ng mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali.
- (5) Nangangahulugan ang Fiscal/Employer Agent ng Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (FMS F/EA) na inilalakong entidad na gumaganap bilang ang ahente ng adultong konsyumer o ahente ng miyembro ng pamilya sa pagsasagawa ng mga tungkulin ng payroll alinsunod sa mga regulasyon ng IRS, pagpoproseso ng mga pagbabayad para sa pagbabalik ng bayad sa mga produkto at serbisyo, at pagsasagawa ng iba pang responsibilidad ng employer na hinihingi ng batas ng pederal at estado. Sa ilalim ng pagsasaayos nito, ang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya ang employer.

§58886. Mga Pangkalahatang Kinakailangan para sa mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali

- (b) Kapag nagpasya ang isang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na gumamit ng mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali, ang sentrong panrehiyon ay:
 - (1) Magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang mga responsibilidad at tungkulin bilang alinman sa Employer o Kasamang Employer;
 - (2) Magbigay ng impormasyon sa mga kinakailangan tungkol sa paggamit ng isang FMS na Kasamang Employer o FMS F/EA;

Kalakip

Mga Kinakailangan sa Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (ipinagpapatuloy)

(3) Tulungan ang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na tukuyin at pumili ng isang FMS na Kasamang Employer o FMS F/EA gaya ng sumusunod:

(A) Dapat gumamit ang isang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na pinipiling maging Employer ayon sa inilalarawan sa Seksyon 58884(a)(3) ng isang maglalako ng FMS F/EA alinsunod sa Seksyon 58884(a)(5);

(B) Dapat gumamit ang isang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na pinipiling maging Kasamang Employer ayon sa inilalarawan sa Seksyon 58884(a)(2) ng isang FMS na Kasamang Employer alinsunod sa Seksyon 58884(a)(4); at,

(C) Hindi ang adultong konsyumer ni ang miyembro ng pamilya ang magiging FMS na Kasamang Employer ni ang FMS F/EA.

(C) Kasama sa mga tungkulin at awtoridad ng Employer o Kasamang Employer sa mga manggagawa ang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

(1) Nangangalap ng mga manggagawa;

(2) Pinatutunayan ang mga kuwalipikasyon ng manggagawa;

(3) Tinutukoy ang karagdagang kuwalipikasyon ng manggagawa batay sa mga pangangailangan at kagustuhan ng konsyumer;

(4) Tinutukoy ang mga tungkulin ng manggagawa;

(5) Iniiskedyul ang mga manggagawa;

(6) Iniaangkop at tinatagubilinan ang mga manggagawa sa mga tungkulin;

(7) Pinangangasiwaan ang mga manggagawa;

(8) Sinusuri ang pagganap ng manggagawa; at

(9) Pinatutunayan ang oras na tinrabaho ng mga empleyado at inaaprubahan ang mga timesheet.

(d) Ang Employer o Kasamang Employer ay may mga sumusunod na karagdagang responsibilidad:

(1) Ang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na nasa kapasidad bilang isang Employer alinsunod sa (b)(3)(A) sa itaas, ay may malayang awtoridad na:

(A) Umupa ng mga manggagawa; at,

(B) Magtanggap ng mga manggagawa.

(2) May karapatan ang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya sa kapasidad bilang Kasamang Employer alinsunod sa (b)(3)(B) sa itaas na gumawa ng mga rekomendasyon sa Kasamang Employer ng FMS para sa pag-upa at pagtanggap ng mga manggagawa.

(e) Ilalako ng sentrong panrehiyon ang Employer at Kasamang Employer alinsunod sa mga kinakailangan ng maglalako na nilalaman sa Kodigo ng Regulasyon ng California, Titulo 17, mga Seksyon 54310 at 54326.

§58887. Mga Bahagi ng Serbisyo para sa mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali

(a) Ang FMS F/EA, alinsunod sa (b) sa ibaba, at ang Kasamang Employer ng FMS, alinsunod sa (c) sa ibaba, ay dapat ilako upang magbigay ng mga sumusunod na serbisyo upang suportahan ang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya sa pagtatrabaho ng mga manggagawa upang isagawa ang awtorisadong mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali:

(1) Kumulekta at magproseso ng mga timesheet ng mga manggagawa na nagbibigay ng mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali;

Kalakip

Mga Kinakailangan sa Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (ipinagpapatuloy)

(2) Tumulong sa miyembro ng pamilya o adultong konsyumer sa pagpapatunay ng pagiging karapat-dapat ng manggagawa para sa pagtatrabaho ayon sa pinatutunayan ng kopya ng numero ng social security o anumang dokumento alinsunod sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California, Titulo 17, Seksyon 50604(d)(3), kung ginagamit ang indibidwal na manggagawa;

(3) Iproseso ang payroll, withholding, pag-file at pagbabayad ng angkop na mga buwis at insurance ng pederal, estado at lokal na may kaugnayan sa trabaho para sa awtorisadong mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali;

(4) Subaybayan, ihanda at ipamahagi ang buwanang mga ulat ng ginastos sa Employer o Kasamang Employer at sa sentrong panrehiyon;

(5) Panatilihin ang lahat ng pinagmulang dokumentasyon kaugnay ng (mga) awtorisadong serbiyo at gastos;

(6) Panatilihin ang isang hiwalay na pagbilang ng mga pondo na ginamit para sa bawat adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na Serbisyong Idinidirekta ng Kasali; at

(7) Siguraduhin na hindi lumalampas ang mga pagbabayad sa mga halaga at singil na awtorisado ng sentrong panrehiyon saklaw ng mga limitasyon ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California, Titulo 17, Seksyon 58888.

(b) FMS F/EA–Service Code 490.

(1) Dapat uriin ng sentrong panrehiyon ang isang aplikante bilang isang FMS F/EA kung natutugunan ng aplikante ang mga kinakailangan sa maglalako na inilalarawan sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California, Titulo 17, Seksyon 54310 at 54326, at nagpapakita ng kakayahan, kasanayan, at kaalaman upang isagawa ang parehong mga responsibilidad sa (a) nabanggit at ang sumusunod na karagdagang kinakailangan sa isang FMS F/EA upang tumulong sa isang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na gumaganap bilang isang Employer:

(A) Para sa mga layunin ng pagproseso ng payroll, mag-apply para sa at kumuha ng awtorisasyon sa ilalim ng Seksyon 3504 ng Internal Revenue Code upang maging ahente para sa bawat adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na kinakatawan ng FMS F/EA;

(B) Sa panahon mula kung kailan gumawa ng aplikasyon ang FMS F/EA sa Kalihim ng Internal Revenue Service (IRS) hanggang makatanggap ng pag-apruba ng IRS, dapat maging responsable ang FMS F/EA para sa naaangkop na mga buwis at insurance ng pederal, estado at lokal na may kaugnayan sa trabaho; at,

(C) Magproseso ng mga pagbabayad para sa mga pagbabalik ng bayad sa mga entidad na nagbibigay ng mga produkto at serbisyo alinsunod sa mga angkop na regulasyon ng IRS.

(2) Maaaring magproseso ang FMS F/EA ng payroll para sa mga serbisyong ibinibigay ng mga indibidwal na manggagawa, at pagbabalik ng bayad para sa mga serbisyong ibinibigay ng iba pang entidad.

(c) FMS na Kasamang Employer–Service Code 491.

(1) Dapat uriin ng sentrong panrehiyon ang isang aplikante bilang isang FMS na Kasamang Employer kung natutugunan ng aplikante ang mga kinakailangan sa paglalako na inilalarawan sa Kodigo ng mga Regulasyon ng California, Titulo 17, Seksyon 54310 at nagpapakita ng kakayahan, mga kasanayan, at kaalaman upang isagawa ang parehong mga responsibilidad sa (a) nabanggit at ang sumusunod na karagdagang kinakailangan partikular sa pagtulong sa isang adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na gumaganap bilang isang Kasamang Employer:

(A) Pag-upa ng mga indibidwal na empleyado na napili ng adultong konsyumer o miyembro ng pamilya na magbigay ng mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali;

Kalakip

Mga Kinakailangan sa Provider ng mga Serbisyong Pamamahala ng Pananalapi (ipinagpapatuloy)

(B) Pagbibigay ng iba pang suporta na may kaugnayan sa employer sa Kasamang Employer ayon sa tinutukoy sa IPP ng konsyumer.

(2) Dapat iproseso ng FMS na Kasamang Employer ang payroll para sa mga serbisyong ibinibigay ng mga empleyado.

(d) Dapat magsumite ang Kasamang Employer ng FMS at ang FMS F/EA ng mga bayarin/invoice sa sentrong panrehiyon para sa pagbabalik ng bayad para sa mga ginastos sa awtorisadong mga Serbisyong Idinidirekta ng Kasali at natutugunan ang mga kinakailangan ng Kodigo ng mga Regulasyon ng California, Titulo 17, Seksyon 50604.

(e) Dapat bayaran ng Kasamang Employer ng FMS at ng FMS F/EA ang (mga) manggagawa na nagbibigay ng awtorisadong (mga) Serbisyong Idinidirekta ng Kasali.